RECEIVED
HON. DANILO RAMON B. M... CITY TREASURER
CITY OF SANTA ROSA
BY: [signature]
DATE: 3-10-2017
TIME: 2:55

CITY OF SANTA ROSA, LAGUNA
OFFICE OF VICE MAYOR ARNOLD B. ARCILLAS
5/F SANTA ROSA CITY HALL - (049) 530-0015 LOCAL 5201
RECEIVED
By: [signature]
Date / Time: 3/10/17 2:24 Code:
MAGILAS NA PAMAMAHALA, PARA SA MASIGLANG SANTA ROSA

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CITY TREASURER'S OFFICE
RECEIVED
3/10/17

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-SIYAM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA- 27 NG PEBRERO, 2017 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARNOLD B. ARCILLAS - Pangalawang-Punong-lungsod Namuno
2. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
3. Kgg. INA CLARIZA B. CARTAGENA - Kagawad
4. Kgg. SONIA U. ALGABRE - Kagawad
5. Kgg. RODRIGO B. MALAPITAN - Kagawad
6. Kgg. MARIEL C. CENDAÑA - Kagawad
7. Kgg. JOSE JOEL L. AALA - Kagawad
8. Kgg. WILFREDO A. CASTRO - Kagawad
9. Kgg. ANTONIO M. TUZON, Jr. - Kagawad
10. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
11. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
12. Kgg. OSCAR G. ONG-IKO - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong- Barangay

OFFICE OF THE CITY ENGINEER
RECEIVED
DATE 3/10/17
BY: [signature]

****

KAPASIYAHAN BLG. 28-2017

(Sa mungkahi ni Kgg. **ANTONIO M. TUZON, Jr.** na pinangalawahan ni Kgg. **RODRIGO B. MALAPITAN**)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG LUNGSOD SA LAHAT NG DAAN (ROAD LOTS), HANGYA (ALLEYS) AT BREAKERS NG "VILLA SANTA ROSA HOUSING PROJECT PHASE 1" NA MATATAGPUAN SA BARANGAY CAINGIN ALINSUNOD SA INIHAING KASULATAN -"DEED OF DONATION" NA ISINULIT NG TAGAPAG-UNLAD (DEVELOPER) AT MGA DOKUMENTONG KINAKAILANGAN, ALINSUNOD SA ITINATADHANA NG BATAS, PAMANTAYAN AT IBA PANG ALITUNTUNIN.

YAYAMANG, ang Altissima Construction and Development ay nakatupad at naisakatuparan na ang mga pagpapaunlad ng pinagtibay na Subdivision Plan ng kabuuang proyekto ng *"Villa Santa Rosa Housing Project Phase 1"* at kasama pa rin ang pagpapatibay ng Panlungsod na Inhinyero na ang Tagapag-unlad ay nakatugon sa itinatadhana ng ipinagkaloob na Pahintulot sa Pagpapaunlad *(Development Permit);*

YAYAMANG, matapos ang pagsusuri sa mga dokumentong isinulit ay napagtantong ang lahat ng kinakailangang *"requirements"* ng sanggunian ay naisulit ng humihiling;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang **PAGPAPASIYA** at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay ng pagtanggap ng pamahalaang lungsod sa lahat ng daan *(road lots),* hangya *(alleys)* at *breakers* ng Villa Santa Rosa Housing Project Phase 1 na

matatagpuan sa Barangay Caingin alinsunod sa inihaing kasulatan – *"Deed of Donation"* na isinulit ng Tagapag-unlad (developer) at mga dokumentong kinakailangan, alinsunod sa itinatadhana ng batas, pamantayan at iba pang alituntunin.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa Katitikan ng Ika-9 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod noong Ika-27 ng Pebrero, 2017.

Atty. ROMMERO O. ALOJADO
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

Pinatotohanan:

ARNOLD B. ARCILLAS
Pangalawang Punong-lungsod

MARCELO DECENA 3/15/17

ASSESSOR'S OFFICE
CITY OF STA. ROSA, LAGUNA
RECEIVED
damig fajardo 3:56pm
MAR 15 2017